

Ilang Nawaglit na Awit at Dalít

Michael M. Coroza

Magandang Bituin

*Kung mayro'n mang bituin, tunay na maliwanag,
Sa gabing matahimik, maganda't marilag;
Dito sa puso ko, may bituin ng pag-ibig,
Ang gabi'y di kailangan upang siya'y mamasid.*

Musika at Letra ni Tito Arevalo

Wala kang nariyan na laging maningning
Laon mang yumaon at di na darating
Ang asam na araw na maililibing
Ang panglaw na lubhang di ko ikahimbing.

Sa durungawan ko, kapag hinahanap
Ang mga nawaglit na mithi't pangarap,
Natatanaw kitang ang kislap ay irap
Na nagpapangatal sa labi't talukap.

Magandang bituing matagal nang wala,
Pagpalain yaring aking pagtingala;
Pag-asa ma'y ngaláy sa katutulala,
Wala kang nariyan sa aking pagtula.

Digmaan

Pag umuulan ng poot
Sa lupaing laging tuyot,
Walang hindi nalalapnos,
Makasalanan ma't musmos.

Pag bumabaha ng galit
Sa bayang laging mainit,
Nalulunod sa ligalig
Ang nawaglit na pag-ibig.

Matapos ang kalamidad,
Walang budhing umiigtad
Sa pang-uusig sapagkat
May basbas ng langit lahat.

At nangagkalat sa lupa,
Bakás ng muhing humupa:
Baság na hangad at haka
Ng kinatay na manika.

Siklo

Muli't muling lumuluwal
Ang dakilang pinapaslang
Upang hindi sumakamay
Ng kriminal ang tagumpay.

Katwiran

Balintunang mapanlingkis
Itong landas na matuwid;
Ang habag man ay humibik,
Nagigiyagis ang bait.

Katotohanan

Sa laksang luksang nagkalat,
Natibo yaring dalumat;
Talinghaga kong nasulat,
Patak ng dayap sa sugat.

Kapayapaan

Bulaklak na hinahangad
Ngunit di mapabubuká
Ng palad na nandarahas
At may bakás ng pulbura.

Huling Awit

*Lagi kang tinatawag sa gitna ng hirap,
Nabibilang ko ang oras, ay! walang lumingap.
Kung mabalitaan mo na ako ay namatay,
Idalangin mo sa D'yos! Paalam, Irog!*

Musika ni Resurreccion Bunyi at Letra ni Jose Corazon de Jesus

Pag pintig ng puso'y huminto nang ganap,
Wala nang muli pang pag-asang kikislap
Sapagkat ni hindi makapagpadiklap
Ng galak ang bunton ng agnas na sarap.

Likumin mang lahat sa palad ang sidhi
Ng tuwang sa awa't dasal ay nagbinhi,
Nalalamukos din sapagkat ang budhi
Ay nakabaón na sa matris ng muhi.

At ang bukod-tanging nakapanunuot
Sa impis na dibdib ay balisáng sutsot
Na nagpapatibok ng dilim at poot
Na nagpapasukal sa puntod na limót.